

Distrito ng Mataas na Paaralan ng San Mateo Union
Proklamasyon na Kumikilala sa Oktubre 1-31, 2025 bilang
Buwan ng Kasaysayan ng Filipino American

SAPAGKAT, ang pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan ng Filipino American sa Oktubre ay gumugunita sa unang nakatalang pamamalagi ng mga Filipino sa continental United States, na nangyari noong Oktubre 18, 1587, nang ang mga mandaragat na Filipino ay dumaong sa ngayon ay Morro Morro Bay, California. Noong 1992, ang Filipino American National Historical Society ay naglunsad ng isang taunang pagdiriwang na nakapokus sa nakalipas ng ating bansa sa pamamagitan ng pangkabuhayan, pangkultura, panlipunan, malikhain at ibang natatanging mga kontribusyon ng mga Filipino American sa Kasaysayan ng United States; at

SAPAGKAT, noong 2009, kinilala ng Kongreso ng U.S. Ang Oktubre bilang Buwan ng Kasaysayan ng Filipino American sa United States; at

SAPAGKAT, ang komunidad na Filipino American ay binubuo ng ikatlong pinakalamalaking grupo ng Asyano Amerikano sa United States. Ang mga Filipino ay ang ikalawang pinakamalaking Asyano Amerikanong grupo sa California, alinsunod sa 2020 US Census. May tinatayang 80,000 residenteng Filipino residents sa San Mateo County, alinsunod sa 2023 American Community Survey. Halos apat na porsiyento ng estudyante ng Distrito ng Mataas na Paaralan ng San Mateo Union.

SAPAGKAT, ang kasaysayan ng Filipino American ay mayaman sa maiimpluwensiyang tinig at kilusan, kabilang ang makapangyariahang gawain ni Larry Itliong (Filipino-American na tagaorganisa ng mga manggagawa at aktibista ng mga karapatang sibil sa estado ng California) na ipinaglaban ang ideya na ang paglaban para sa mga karapatan ng mga manggagawa sa bukid ay hindi lamang tungkol sa pagpapahusay ng kanilang mga sariling kondisyon, kundi tungkol sa pagtatayo ng mas makatarungang lipunan para sa lahat..

SAPAGKAT, kinikilala rin natin ang maraming paraan na ang mga Filipino American ay nakalikha ng mga espasyo at programa upang mas mapahusay ang ating mga komunidad; at

SAPAGKAT, mahalaga para sa mga kabataang Filipino American na magkaroon ng mga positibong huwaran at upang ikintal sa kahila ang kahalagahan ng edukasyon, kasama ng pagiging mayaman ng kanilang etnisidad at mga halaga ng kanilang pamana; at

SAPAGKAT, ang mga pagsisikap ay dapat ipagpatuloy upang itaguyod ang pag-aaral ng kasaysayan at kultura ng Filipino American, na ipinag-uutos ng pahayag ng misyon ng Filipino American National Historical Society: upang itaguyod ang pag-unawa, edukasyon, paglililaw, pagpapahalaga at pagpapayaman sa pamamagitan ng pagtukoy, pagtitipon, pananatili at pagpapakalat ng kasaysayan at kultura ng mga Filipino American sa United States; at

SAPAGKAT, ang San Mateo Union High School District ay may mahalagang papel na patuloy na magturo sa mga estudyante at sa mas malaking komunidad tungkol sa kasaysayan, mga tradisyon, at pagkakaiba-iba ng komunidad na Filipino American; at

NGAYON, DAHIL DITO, PINAGTITIBAY na ang Distrito ng Mataas na Paaralan ng San Mateo Union ay nagpoproklama sa pamamagitan nito na ang Oktubre 1-31, 2025 ay Buwan ng Kasaysayan ng Filipino American at hinihimok ang lahat ng residente na bigyang dangal ang kasaysayan at kultura ng Filipino American.

DISTRITO NG MATAAS NA PAARALAN NG SAN MATEO UNION

Ipinasa at Pinagtibay sa ika-25 Araw na ito ng Setyembre, 2025



Superintendente

Robert Griffin

Presidente ng Lupon